**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VII, Issue I**
**August 2025**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

****************************************************************************************************

# WIKANG FILIPINO: BAYANIHAN TUNGO SA MATIBAY NA BANSA

**ni: ALMAE R. SOLAIMAN**

Wikang Filipino naghatid sa akin ng pang-unawa

Kultura, tradisyon at paniniwala

Nasilayan ko ang kanilang halaga

Karunungan ko'y lalong sumigla

Ang wika'y tulay ng bansang buo at may talino,

Nag-uugnay sa puso ng sambayanang Pilipino.

Taglay ang diwang may pagkakabuklod,

Sa hirap at ginhawa'y sama-samang sumusugod.

Taglay ng wika ang pagmamahal,

Sumisibol ang diwang tunay na dangal.

Wikang Filipino—tungo sa matibay na bansa,

Sa pagkakaisa't bayang tunay na pinagpala.

Wikang Filipino ang siyang nagbubuklod sa atin

Upang makamit ang ating mithiin

Kaakibat ang mayamang kultura na palaging alalahanin

Saan man makarating, tayo ay titingalain

****************************************************************************************************

**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

****************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue I
August 2025
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
****************************************************************************************************

Sa bawat hibla ng wikang mahal,

Taglay ang pagmamalasakit at kagandahang-asal

Sa bawat salitang ating isinasalaysay,

Apoy ng bayanihan ang tinataglay,

Sa oras ng sigwa, palaging may handang tumulong,

Kapag may suliranin, may bayang susulong.

Sa wikang iisa, tayo'y nagkakaisa—

Sa salita'y may pagkalinga't pag-asa.

Bayanihan sa harap ng unos, tayo'y nagtutulungan,

May kamay na umaalalay, may pusong lumalaban.

Sa wikang Filipino, gintong palad ay binibigkas,

Pagmamalasakit sa kapwa'y wagas.

Sa bawat titik ng ating wikang sinasalita

Katapangan, kasaysayan, kultura'y buhay at dakila.

Sa bayanihan sa wika'y may pag-asa,

Matibay na bansa—sama-samang nililikha!

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************